



PANIMULA

Maraming mga tao ang nag-aakalang ang pag-ibig ay isang pakiramdam na nakakatatangay. Nararamdaman natin ito sa ating panonood ng mga romantic movies. Ito yung pinapangarap ng marami—yung mahahawakan at yung makakasama mo ang mahal mo nang walang katapusan. Ngunit ang pag-ibig ay higit pa sa mga ito. Dapat maalagaan ang pag-ibig hanggang ito’y lumago at umapaw. Hindi sa salita lamang ang pag-ibig at hindi rin ito kagaya ng “make up” sa mukha na inilagay at tinatanggal. Mas higit ang pag-ibig sa mga panandaliang excitement. Ang pag-ibig ay isang karanasan, isang buhay na karanasan na tinatanggal, isinasapamuhay at ibinabahagi.

MGA TANONG PANGTALAKAYAN

GISINGIN/PUKAWIN

1. Ano ang unang pumapasok sa iyong isip kapag naririnig mo ang salitang pag-ibig? Anu-ano ang mga naiisip mong larawan na kaugnay ng salitang ito? Ano ang mga naramdaman mo kaugnay nito?
2. Sa isang pangungusap, sabihin mo kung ano ang ibig sabihin ng pag-ibig.
3. Kailan yung kauna-unahang pagkakataon na na-in love ka? Ibahagi sa grupo ang iyong karanasan. Ipaliwanag ang mga naramdaman mo sa mga panahong iyon.
4. Magbigay ng pangalan ng dalawang tao na naiisip mo pag naririnig mo ang salitang pag-ibig. (Maging matapat.)

MAKIAYON

5. Basahin ang I Juan 4:16. Nagkaroon ka na ba ng mga karanasan kung saan naramdaman mo ang pagmamahal ng Diyos sa iyo? Ibahagi sa grupo ang ilan sa mga ito. Paano mo naranasan ang Kanyang pagmamahal? Paano Niya ipinahayag ang pagmamahal Niya sa iyo?
6. Naipakita mo na ba ang pagmamahal ng Diyos sa iba? Ibahagi ang isang karanasan.
7. Basahin ang Roma 12:9-10. Paano mo maipapakitang tapat ang pagpapakita mo ng pagmamahal?

GAWIN

8. Paano mo bibigyang halaga ang iba nang mas higit sa pagpapahalaga mo sa iyong sarili? Magbigay ng isang halimbawa.
9. Ano ang mga kailangan mo pang gawin para mas higit mo pang maranasan ang pagmamahal ng Diyos sa iyo?

PAGSULONG

Ang Diyos ay PAG-IBIG. Kung tunay na gusto mong matutong magmahal, kailangan mong mamuhay na nagapapasailalim sa Diyos. Iwasan ang sobrang pagtingin sa sariling kapakanan. Pahalagahan ang kadalisayan ng puso. Ibahagi ang pagmamahal.

PAGPAPANIBAGO NG ISIP

At ating nakilala at ating sinampalatayanan ang pagibig ng Dios sa atin. Ang Dios ay pagibig; at ang nananahan sa pagibig ay nananahan sa Dios, at ang Dios ay nananahan sa kaniya.

1 Juan 4:16